PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 2: Linggo 2

## Mapanuring Pag-iisip

Crispina P. Pairat



SMILE

SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ika-anim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 2: Mapanuring Pag-iisip**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Crispina P. Pairat | |
| **Editor:** | Crispina P. Pairat | |
| **Tagasuri:** | Arsenia C. Zamoras | |
| **Tagaguhit:** | Christine P. Pairat | |
| **Tagalapat:** | Ronald G. Mandas | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# Alamin:


Ang lahat ay magkakaugnay . Ito ay parehong itinuturo ng siyensiya at iba't – ibang relihiyon. Anuman ang pasya o desisyon na ating gawin, apektado ang lahat, di man ito kaagad nakikita. Ang pagiging mahinahon ay makatulong upang dumating ka sa pasya para sa kabutihang panlahat.

Ang pagpasya ay nangangailangan ng iyong abilidad na pumipili na walang pag-alinlangan. Nangangailangan din ito ng masusing pag-iisip.

**Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang iyong:**

Naisagawa ang tamang desisyon ng may katatagan ng loob para sa ikabubuti ng lahat.

- Nakasasang-ayon sa pasya ng nakararami kung nakabubuti ito.



# Subukin:

Lagyan ng tsek (√) ang hanay na nagpapakita ng iyong tunay na saloobin at gawi sa bawat sitwasyon.

| Sitwasyon | Madalas | Paminsan-minsan | Hindi Kailanman |
|---|---|---|---|
| 1. Isinasaalang-alang ang maaring maging epekto ng bawat gagawing desisyon. | | | |
| 2. Nagbibigay ng tamang desisyon batay sa ginagawang pagsusuri. | | | |
| 3. Ang tamang desisyon batay sa pagsang-ayon ng nakakarami. | | | |
| 4. Nagiging matalino at maingat sa ginagawang desisyon. | | | |
| 5. Binabalanse ang bawat pangyayari at impormasyon sa pagbuo ng desisyon. | | | |

| Unang Leksyon | Mapanuring Pag-iisip |
|---|---|



## Balikan:

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin sa loob ng kahon ang iyong magiging pasiya sa bawat isa. Ipaliwanag ang iyong mga sagot**.**

a. Pag-iisipan ko muna kung kakayanin ko.
b. Basta pasiya ninyo, payag kaagad ako.
c. Hindi ako papayag, dahil...

1. Isa ka sa mga pinuno ng inyong klase na tumutulong sa pagpapanatili ng kalinisan sa inyong silid-aralan. Iminumungkahi ng inyong pangulo na ikaw ang magiging monitor sa pagganap ng tungkulin ng bawat pangkat.

______________________________________________

______________________________________________

2. Matapos ang mural painting sa inyong paaralan na ginamitan ng halo-halong pintura, iminumungkahi ng inyong lider na itapon na lang sa kanal ang mga pintura dahil hindi na ito mapakinabangan.

______________________________________________

______________________________________________

3. Napansin ng inyong pangkat na kaya bumabagal ang pag-akyat ng mag-aaral sa silid aralan ay dahil hindi sila sumusunod sa nakapaskil na "keep right".Nagmungkahi ang iyong mga kaibigan sa inyong guro na ang pangkat ang mamamahala dito tuwing umaga.

______________________________________________

______________________________________________

4. May Fun Run ang Red Cross sa susunod na linggo. Iminungkahi ng iyong mga kaibigan na sa halip na manood kayo ng sine, sumama na lang kayo sa Fun Run at ibayad sa registration ang gastusin sa panonood ng sine.

______________________________________________

______________________________________________

5. Sinabihan ang iyong pamilya ng iyong punong barangay na kailangan ng alisin ang lumang kotseng hindi umaandar at nakaparada sa tapat ng inyong bahay. Nakaabala daw ito sa mga nagdadaang sasakyan dahil maliit ang iyong kalsada.Tinanong kayo kung ipagbibili na lang ito sa motorshop para magkapera kayo.

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

## Tuklasin:


Basahin ang tula.Ano ang sinasabi nito tungkol sa pagbuo ng tamang pasiya?

### Ang Tamang Pasiya

(Malayang salin ng "The Right Decision")

Maraming nagsasabi,
"Mahirap bumuo ng isang pasiya."
Dahil maaring maging mapanganib
ang bunga nito

B**i**bigyan ako nito ng isang pagsubok
At 'pag nag-alinlangan ako sa mga bagay
maaring maging dahilan ng away at sakit sa ibang tao.



Nararating ang tamang pasiya, samakatuwid,
Pagkatapos nang maingat na pag-iisip,
At pagtitimbang ng mga bagay-bagay.

Sa ganoon, walang nasasaktan.
Kaya, dapat kong timbanging mabuti
ang mga pagpipilian.

Dapat mapanuri akong mag-isip.
Sa ganoon, makabubuo ako ng pinaka-
mabuting pasiya.

**Sagutin:**

1. Bakit sinasabing mahirap bumuo ng pasiya?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Paano nararating ang tamang pasiya?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Paano nakaapekto sa ibang tao ang iyong pasya?

_______________________________________________

_______________________________________________



## Gawain 1

Sagutin ng OO o HINDI ang bawat pangungusap. Sa mga pangungusap na ang sagot mo ay OO, pag-isipan kung dapat mo itong ipagpatuloy. Sa mga pangungusap na ang sagot mo ay HINDI, dapat mo bang gawin ang mga ito?

1. Ayaw kong masisi ako ng iba kaya hindi ako nagpapasya.
   Sagot: _______________________________________________
   _______________________________________________

2. Nagtatampo ako kapag hindi naki-ayon ang iba sa aking pasya.
   Sagot: _______________________________________________
   _______________________________________________

3. Kung anong naisip kong sabihin magsasalita ako kahit alam kong may masasaktan.
   Sagot: _______________________________________________
   _______________________________________________

4. Naninindigan ako sa kung ano ang totoo at makabubuti sa lahat bago ako magpasya.


Sagot: ____________________________________________

____________________________________________

5. Iniisip ko muna ang mga maaring kalabasan ng aking pasya bago ako gumagawa nito.

   Sagot: ____________________________________________

   ____________________________________________




# Suriin:

### Hakbang sa Pagpapasya

Ang pagpapasya ay maituturing bilang isang prosesong pangkaisipan na nagreresulta sa pagpili ng pinakamabuting kalalabasan. Ang pasya ay pinagtibay sa isip at kalooban na dapat gawin. Malaki ang maitutulong ng pagkamahinahon kapag pinag-usapan at pinag-isipan ang magiging pasya.

May wastong mga hakbang na dapat sundin sa paggawa ng isang pasya.


1. Alamin ang suliranin
2. Kumuha ng impormasyon at pag-aralan ang lahat na posibling solusyon.
3. Isaalang-alang ang maaring ibunga ng bawat solusyon.
4. Gumawa ng pasya.
5. Pag-aralan ang kinalabasan ng ginawang pagpapasya.



# Pagyamanin:

**Gawain 2**

Punan ang star graphic organizer ng limang katangian na dapat mong taglayin sa paggawa ng isang desisyon.






## Isaisip:

Sa araling ito natutuhan mo ang pagsasagawa ng tamang desisyon na may katatagan ng loob para sa kabutihan ng lahat.

Ang desisyong gagawin ay nararapat na may mabuting layunin, intensiyon at kalalabasan.



## Isagawa:

Isulat sa kahon kung anong nararapat mong gawin sa mga sumusunod na sitwasyon.

1. Magkaroon ng lakbay-aral sa inyong paaralan at gusto mong sumama ngunit nagkataon na may lakad ang inyong pamilya.

2. Nakita mong nabasag ng inyong kamag-aral ang salamin ng inyong silid walang umaamin kaya nagalit ang inyong guro.

3. Magkakaroon ng eleksyon ng SPG sa inyong paaralan. Nagkataong magkalaban sa pagkapangulo ang matalik mong kaibigan.

4. Napansin mong mahilig kumain ng junkfoods ang iyong kapatid. Alam mo ang masamang dulot nito sa kalusugan niya.

5. Napanood mo sa balita sa telebisyon na magkakaroon ng nationwide simultaneous earthquake drill ngunit itoy hindi nabanggit ng iyong guro.



# Tayahin:

**Buuin ang bawat pangungusap sa ibaba. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. Ang pasya na dapat gawin ay para sa kabutihang ________________.
   A. Panlahat
   B. Pangmarami
   C. Para sa mga lider
   D. Para sa hindi miyembro ng pangkat

2. Naipakikita ang pakikipagtulungan sa _______________.
   A. Hindi paggawa sa napagkasunduan.
   B. Pagtrabaho kasama ang iba tungo sa isang layunin.
   C. Hindi pagsasabi ng kahit ano ngunit magkikimkim ng sama ng loob sa ibang miyembro ng pangkat.
   D. Pagpilit na gawin kung ano ang tama kahit hindi sang-ayon ang ibang miyembro.

3. Sa paggawa ng pasya, dapat __________________.
   A. Sinusunod ang sariling kagustuhan.
   B. Ginagawa ang hinahangad ng mga kakilala at awtoridad.
   C. Hinahayaan ang iba pang miyembro na magpasya para sa lahat.
   D. Nagpapakita ng pagkamakatwiran sa mga maaapektuhan ng pasya

4. Tumutukoy sa ______________ ang mapanuring pag-iisip.
   A. Pagtatago ng mga detalye ng isang suliranin.
   B. Pagtatanong sa iyong guro ng kanyang opinion.
   C. Pagpapaliwanag ng sariling punto at pagpipilit nito sa iba.
   D. Pag-aaral ng mabuti sa mga patunay bago gumawa ng isang pasya.

5. Ang pagbubuo ng pasya, kailangan mong ___________________.
   A. Magkaroon ng patunay
   B. Ipilit ang iyong opinion.
   C. Hingin lang ang opinion ng mga kaibigan.
   D. Magbigay ng labis na pansin sa mga patunay na susuporta sa iyong personal na pananaw.

## Karagdagang Gawain:

Bumuo ng pangako tungkol sa pagiging mapanuri sa pagbibigay ng desisyon. Isulat ito sa loob ng puso. Limang puntos



### Rubriks para sa pagmamarka ng Sagot

**(Balikan,Gawain 1,Gawain 2 Tuklasin at karagdagang gawain)**

| | **Nilalaman** | **Organisasyon** | **Mekaniks** |
|---|---|---|---|
| **Kraytirya** | Wasto at malinaw ang Paglahad ng saloobin ng paksa<br><br>5 puntos | Organisado malinaw ang pagkalahad ng mga pangunggusap<br><br>5 puntos | Nasunod ang mga panuntunan sa pagsulat ng pangungusap (tamang bantas,indensyon<br><br>5 puntos |
| | | | |
| Kabuuang puntos | | | |

## *Susi ng Pagwasto:*

**Subukin:**

Tanggapin ang sariling saloobin ng mga bata

**Balikan:**

Tanggapin ang mga posibleng kasagutan ng mga bata

**Tuklasin:**

Tanggapin ang anumang disisyon

**Gawain1:**

Tanggapin ang anumang desisyon

**Pagyamanin:**

Posibleng Kasagutan
pagkamatapat sa sarili
pagkamahinahon
Mapag-isip
Pagkamatulungin
Pagkamaunawain
(Tanggapin ang mga posibleng kasagutan ng mga bata.)

**Isagawa:**

**Posibleng Kasagutan**

1 . Pipiliin ko ang sumama sa lakad ng aming pamilya.
May iba naming pagkakataon para makasama ako sa lakbay-aral sa paaralan.
Sasama ako sa lakbay-aral kasi hindi ko pa narrating ang lugar na pupuntahan
2. Kakausapin ko ang aking kaklase na ipagtapat sa aming guro na siya ang nakabasag sa salamin.
3. Iboto ko kung sino ang karapat-dapat at may kakayahang mamuno sa aming paaralan.
4. Pagsabihan at ipaliwanag ko sa aking kapatid ang masamang dulot na pagkaing junk-foods.
5. Gagawin ko ang wastong panuntunan na ituro na aming guro tungkol sa paghahanda sa kalamidad.
Sasabihin ko sa aking guro ang napanood kong balita sa telebisyon.

Note: Tanggapin ang mga posibleng kasagutan ng mga bata.

**Tayahin:**

1.A 2.B 3.D 4.D 5.A

**Karagdagang Gawain:**

Tanggapin ang anumang desisyon

# Sanggunian:

Gabay pangkurikulum ng ESP – 6

Batayang Aklat:

Ugaling Pilipino sa MAKABAGONG PANAHON 6
ISBN 978-971-07-3874-8
Mga may akda: Zenaida R. Ylarde, Gloria A. Peralta, Ed.D,
Patnugot: Gloria A. Peralta, EdD
Tagasuri: Josephine Reyes-Masacupan, Irene Certeza – de Robles
Karapatang-sipi © 2016 ng Vibal Group
Inilathala at inilimbag sa Pilipinas ng Vibal Group,Inc. na may tanggapan sa 253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines.
Mga Tanggapang Panrehiyon: 0290 Nivel Hills, Lahug Cebu City at Kalamansi Street Corner first Avenue Juna Subdivision, Matina,Davao City

Inilimbag sa Pilipinas ng VICARISH Publication and Trading,Inc
1946-A F. Torres St., cor. Diamante Ext.Sta. Ana, Manila
Tel. Nos: 546-7844/562-7495/Telixfax: 564-8318

ESP worksheet
Inihanda nina Cleofe R. Frias,
Sinuri ni Ruby E. Baniqued, at Antonietta A. Martinez,
Pinagtibay ni Whima M. Hilario, punong guro.
Mandaluyong Elementary School
67 G. Aglipay ST., Brgy. Poblacion, Mandaluyong City
Tel no. 531-9158 Fax no. 5319158
Email Adress: mandaluyongE.S@yahoo.com.ph